

1

Nahampas ni Mia ang manibela ng minamaneho niyang taxi dahil sa haba ng traffic na kanyang kinasusuungan. Kailangan pa naman niyang maka-boundary ngayon dahil sa amo niyang sakim na nga sa pera ay halatang-halata pa ang pagnanasa sa kanya. Kung hindi lang niya talaga kailangan ng pagkakakitaan ng pera, hindi niya papasukin ang pamamasada. Pero sabi nga nila, *'beggars can't be choosers'*.

Naalala pa niya noong mag-apply siya bilang driver ng isa sa mga ipinapasadang taxi nito.

Nagsuot siya ng lumang maong jeans at maluwang na t-shirt saka niya itinali ang mahabang buhok bago pinatungan ng bull cap. Mabuti na lamang at nabitbit niya iyon kahit nagmamadali na siya nang lumayas sa kanila...

"Mag-apply ka bilang taxi driver?" nakangising tanong sa kanya ng kausap niya na napag-alaman niyang siyang namamahala ng mga ipinapasadang taxi.

Tumango lang siya.

"Tibo ka ba?" derechahang tanong nito saka walang pakundangan na tinitigan siya mula ulo hanggang paa.

Nandiri siya lalo na nang makita niyang may kasamang

pagnanasa ang tingin na ipinukol nito sa kanya. Kung hindi lang niya kailangan ng pagkakakitaan ay baka ginamit na niya rito ang nalalaman niya sa martial arts. Pero dahil wala naman siyang choice ay kailangan niyang pagtiyagaan na pakiusapan ito.

“Bawal po ba ang tibo dito, Sir?” aniya. Mas mamatamisin na niyang mapagkamalan siya nitong tomboy para tigilan na nito ang katitingin sa kanya nang may kasamang pagnanasa dahil naririmarim siya sa tingin pa lang nito.

“Hindi pa ako matanda para po-in mo. ‘Tiko’ ang itawag mo sa akin. ‘Rustico’ ang totoong pangalan ko, pero ayokong n’on kaya ‘Tiko’ na lang,” nakangising turan nito. “Kung gusto mo, gagawin na lang kitang babae; hindi mo na kailangang magmaneho, bubuhayin na lang kita.” Alam niya ang gusto nitong ipahiwatig sa kanya, pero pinigilan niya ang huwag mapangiwi sa harap nito.

“Mas gusto ko ang magmaneho, Tiko, kaysa sa ino-offer mo,” seryosong sagot niya para malaman nito na hindi niya gusto ang sinasabi nito.

“Gusto kita dahil prangka kang tao. Sige, bibigyan kita ng taxi na ipapasada mo. Sabihin mo lang sa akin kapag nagbago na ang isip mo, sayang naman kung mabuburo ka lang nang hindi mo natitikman ang pinakamasarap na gawa ng Diyos,” nakangisi pa ring anito. Hindi niya alam kung matutuwa ba siya dahil pinagbigyan siya nito o masusuka dahil sa nakikitang pagnanasa sa mga mata nito.

“Salamat,” aniya.

“Kailangan mong maka-boundary ng one-five bawat araw na ipapasada mo ang taxi.” Nagulat si Mia, ganoon ba talaga kalaki ang ibabayad niya araw-araw dito o pinahihirapan lang siya nito para kagatin niya ang ino-offer nito? Napailing na lamang siya.

“Sige, magsisimula na ako bukas ng umaga. Babalik na lamang ako bukas dito para daanan ang taxi,” paalam niya bago nagmamadaling tinalikuran ito. Nakahinga siya nang maluwag nang makalabas ng bahay nito. Paglabas ng pinto ay makikita ang mga taxi na pinalalabas nito sa mga driver.

Nalaman niya sa kasama niya sa bahay na si Emong, ang tungkol doon. Namamasada rin ito ng isa sa mga taxi ni Tiko.

Nang makarating sa bahay ay parang gusto niyang takpan ang mga tainga dahil sa naririnig na sigawan ng mag-asawang kasama niya sa bahay. Kung may pagpipilian lang siya ay hindi niya pipiliing makasama ang mga ito sa iisang bahay.

Nang lumayas siya sa kanilang mansion ay wala siyang ibang mapuntahan. Ilang araw rin siyang nag-stay sa mga hotels, pero nang maisip na mamumulubi siya at malaki ang posibilidad na makita siya ng mga taong nagtatangka sa kanyang buhay, nagsimula siyang maghanap ng bahay na matutuluyan kahit maliit.

Pero nabigo siyang makakita dahil mahal na din ang mga paupahan ngayon. Nang subukan niyang muli ay may nag-alok

sa kanya na kung gusto niyang makamura ay umupa na lang ng kuwarto sa bahay na tinutuluyan ng mga ito. Okay naman ang bahay dahil kahit maliit ay may dalawa namang kuwarto iyon. Mas malaki pa ang banyo niya sa mansion nila, pero mas okay na iyon. Ang mahalaga ay mura at may pagtataguan siya.

Ilang araw lang siyang nandoon at nagkukulong at minsan lamang lumabas.

Nang minsang magkausap sila ni Emong ay nasabi nga nito ang tungkol kay Tiko. Tinanong niya kung pupuwede siyang mag-apply doon dahil may lisensya naman siya at kung sa pagmamaneho ay walang problema dahil ilang beses siyang nanalo sa mga car races na sinalihan niya.

Sinabi ng lalaki na walang mawawala sa kanya kung susubukan niya, kaya lang ay pinayuhan din siya nito na huwag masyadong magpaganda kapag nagpunta roon. Tinanong niya kung bakit pero ang sabi nito ay malalaman na lamang daw niya iyon kapag nakilala niya si Tiko.

Ngayon ay alam na niya kung bakit ganoon ang payo nito; may pagkamanyakis pala ang hinayupak. Kinabukasan ay hindi niya alam kung paano itatago ang kagandahan sa mga mata ni Tiko. Isinuot na lamang niya ulit ang maong jeans na suot niya kahapon at naghanap sa iilan niyang bitbit na damit na medyo maluwag at hindi halatang mamahalin saka niya ulit tinernuhan ng puting sneakers at cap.

Mataas siya kumpara sa ibang babae dahil Amerikano ang kanyang ama. Nakuha niya rin ang kaputian ng daddy niya, pero ang kakinisan niya ay mula sa kanyang ina. Ang ilong niya ay maliit pero matangos, natural na mapupula ang kanyang mga labi na maninipis, medyo pangahan din siya nang kaunti na bumagay sa bilugan niyang mga mata.

Marami ang nanligaw sa kanya, pero wala siyang nagustuhan sa mga iyon kahit isa kaya hanggang ngayon ay wala pa siyang nagiging boyfriend. Ayaw kasi ni Mia sa mga lalaking siya pa ang magtatanggol pagdating sa kagipitan. Bata pa lamang ay ipinasok na siya ng kanyang mga magulang sa isang taekwondo class hanggang sa siya ay lumaki, blackbelter siya kaya walang makatalo sa kanya sa kanilang klase kahit ang mga lalaki.

Madalas nga siyang kantiwayan ng ina noon na paano raw siya makakapag-asawa kung takot ang mga lalaki sa kanya.

Nanikip ang kanyang dibdib ng maalala ang mga yumaong magulang. Dalawang buwan na mula noong mamatay ang ito at ang kanyang ama sa isang aksidente. Hindi niya nakuhang maghinagpis dahil nakasalalay sa kanya ang lahat ng kanilang negosyo na naiwan ng mga ito. Doon niya nalaman ang anomalyang hindi nalaman ng kanyang mga magulang.

Isiniwalat niya ang lahat ng iyon at ngayon nga ay pinagbabantaan ang buhay niya. Gustuhin man niyang magsumbong sa awtoridad ay hindi niya magawa dahil hindi niya alam kung kakampi ba niya ang mga ito. Kahit abogado niya ay

hindi niya magawang mapagkatiwalan.

Minsang papunta siya ng opisina ay may humarang sa kotseng sinasakyan niya, pero dahil sa bihasa siya sa pagmamaneho agad nailigaw niya ang mga iyon. Umuwi lang muna siya sandali sa kanila para makakuha ng mga importanteng gamit bago nagpaalam sa kanyang yaya. Alam niyang hindi siya titigilan ng mga iyon hangga't hindi siya napapatahimik. Kahit sabihing sa kanya ang kompanyang iyon ay wala pa rin siyang magagawa kung ipapatay siya ng mga ito.

Kay Francis lang niya binanggit ang tungkol sa natuklasan niya. Ito lang kasi ang alam niyang puwede niyang pagkatiwalaan. Sinabihan siya ng kaibigan na magtago muna siya habang inaayos nito ang mga dapat ayusin. Hindi siya nito puwedeng itago pansamantala dahil kapag nalaman ng mga gumagawa ng anomalya kung sino ang tumutulong sa kanya ay siguradong mabubulilyaso ang plano ng kanyang kaibigan. Kaya siya na ang nagsabing lalayo muna. Wala siyang pinagsabihan kung saan siya nagpunta. Walang kaalam-alam ang mga ito na nakarating siya ng Maynila.

Alam niyang hindi biro ang sinusuungan niyang problema kaya kailangan niyang maging matatag lalo na at nag-iisa lang siya sa buhay. Wala siyang ibang maaasahan kundi ang sarili lamang.

Kahit alam niyang makakakuha siya nang maayos na trabaho ay hindi niya iyon ginawa dahil bukod sa panandalian

lang iyon ay alam niyang mas madali siyang mahahanap ng mga nagtatangka sa kanya kung sa mga kompanya siya papasok. Kung magmamaneho siya ay makakapamilya pa siya ng kukuning pasahero. Iyon nga lang, may amo siyang sagad ang kamanyakan!

Nakahinga nang maluwag si Mia nang umandar na ang mga sasakyan sa kanyang harapan. Ilang pasahero pa ang nakuha niya bago naisipang gumarahe. Napaungol siya nang may ginang na kumaway sa kanya, hindi kaya ng konsyensya na lampasan na lamang ito lalo na at may mga dala ito. Naisip niyang bigla ang kanyang ina kaya nasabi na lamang niya sa sariling huling biyahe na iyon dahil nananakit na ang kanyang likod.

“Sa *White Plains* tayo, Hijo,” nakangiting anang ng ginang nang matapos niyang tulungan itong ipasok ang mga bagahe sa compartment ng taxi. Mukha naman itong mabait at mayaman. Hindi na siya nanibago nang mapagkamalan siya nitong lalaki dahil madalas sa mga pasahero niya ay ganoon ang unang tingin sa kanya dahil na rin sa suot niya. “Kaya mo bang magmaneho nang mabilis? Nagmamadali kasi ako at may hinahabol akong kasiyahan.” Nakangiti ito; ngiting hindi mapahihindian.

“Sige po, konting hawak lang po.” Napangiti siya nang manlaki ang mga mata nito. Marahil ay nabosesan siya, pinakatitigan siya nito bago muling nagsalita.

“Babae ka?”

“Kung hindi n’yo naman ikagagalit, opo,” nakangiting tugon niya.

“Aba’y napakasipag mo namang bata ka. Sige, huwag mo nang bilisan ang pagmamaneho.”

“Huwag po kayong mag-alala at kahit mabilis akong magmaneho ay maingat pa rin ako.”

Ilang minuto lang ay nakarating sila sa bahay nito—kung bahay pa ngang matatawag iyon dahil mas malaki pa kaysa sa mansion nila.

Nang bumaba siya para tulungan ito ay napagmasdan niyang mabuti ang bahay dahil grills ang style ng gate niyon. Sa lahat ng mga bahay na nadaanan niya sa subdivision na iyon ay ang bahay na iyon ang pinakamalaki. Bigla niyang naalala ang kanilang bahay. Hindi niya alam na habang pinagmamasdan niya ang istraktura ay pinagmamasdan naman siya ng ginang. Napahiya siya nang paglingon niya rito ay nakita niyang nakangiti ito sa kanya. “How do you like the house?” tanong nito.

“Maganda po ang pagkaka-design at ang architecture. Makikita ang kagandahan kahit nasa labas ang titingin,” nakangiti na ring tugon niya saka muling ibinalik ang mga mata sa bahay. Magaan ang loob niya sa matanda kaya hindi na siya nagdalawang-isip na sumagot. Mukhang hindi naman siya nito pinaghihinalaan na nagpaplano siyang akyatin ang bahay ng mga ito para nakawan.

“Salamat. Asawa ko ang nagpagawa nito.” Nakita niyang nalungkot ang hitsura nito. “He’s already dead.”

Kaya pala ito biglang nalungkot. “Gan’on po ba? Ako wala na po akong magulang, pero lagi kong iniisip na okay lang iyon, at least, hindi na sila magkakaroon ng isa pang anak kasi ayoko ng may kapatid,” nakangiting sagot niya. Hindi totoo na ayaw niyang magkaroon ng kapatid; isa nga iyon sa madalas niyang sabihin sa mga magulang niya dati. Pero hindi na mangyayari iyon dahil wala na ang mga ito. Bago pa siya mapaiyak ay tinigilan na niya ang pag-iisip sa parents niya.

“Sorry to hear that,” anito.

“Okay lang po. Isipin n’yo na lang po para hindi kayo malungkot kapag naaalala n’yo ang mister n’yo na at least, sigurado po kayo na kayo lang ang nasa puso niya hanggang sa kabilang buhay kasi bawal po roon ang mambabae,” aniya. Nagalak siya nang matawa ang matanda sa biro niya.

“Alam mo bang nakakatuwa ka, Hija?” anito na nakangiti pa rin.

“Salamat po. Aalis na po ako, medyo malayo pa po kasi ang uuwian ko,” paalam niya dito.

“Gan’on ba? Sige, Hija, maraming salamat.” Iniabot nito sa kanya ang bayad. Muli siyang nagpasalamat nang nakita niyang sobra iyon.

Road To Your Heart - Raja Simon

Napapangiti siya habang nagmamaneho pauwi. Hindi naman pala masama ang mamasada ng taxi, lalo na kung madalas na may nagbibigay ng tip. Nagulantang siya at muntik na siyang mangudngod nang bigla na lang may bumangga sa kanyang likuran.

Kinabahan siya at agad na bumaba. Hindi niya pinansin ang driver ng nakabangga sa kanya, ang tama ng taxi kaagad ang tiningnan niya. Nanlumo siya nang makitang basag ang magkabilang salamin sa likuran at malaki ang tama sa hamba niyon.

Agad na nabaling ang tingin niya sa tatanga-tangang driver ng *Ford Expedition* na siyang nakabangga sa kanya. Bumaba din ito ng sasakyan. Sa ibang pagkakataon ay hahangaan niya ito, pero dahil may kasalanan ito sa kanya, deadma muna ang kaguwapuhan nito sa kanya.